| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 2 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JULY 7 – 11, 2025 (WEEK 4) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pansariling panalangin. | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbuo ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili at kapuwa bilang tanda ng pagiging madasalin. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling panalangin.<br>a. Nakapagbibigay ng mga mabuting dulot ng pansariling panalangin.<br>b. Napatutunayan na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, pasasalamat, at pagmamahal sa Diyos.<br>c. Nakabubuo ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili at kapuwa. | | | |
| *D. Mga Layunin* | **1)** Nakakikilala ng kahalagahan ng **pansariling panalangin.**<br>**2)** Natutukoy na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala sa Diyos na naipakikita ang **pagiging madasalin.** | 1) Naiisa-isa ang kahalagahan ng **pansariling panalangin**.<br>**2)** Naiuugnay na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala sa Diyos na naipakikita ang **pagiging madasalin.** | **1)** Naipahahayag ang sariling panalangin para sa ikabubuti ng **sarili**<br>**2)** Naipaliliwanag na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan 5upang maipahayag ang pagkilala, sa Diyos na naipakikita ang **pagiging madasalin.** | **1)** Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng **sarili**<br>2) Napatutunaya n na ang pansariling panalangin ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagmamahal sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Diyos |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pansariling Panalangin** | | | |
| **III. Lilinanging Pagpapahalaga**<br>**(Values to be Developed)** | **Madasalin** (Prayerful) | | | |
| **IV. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 2 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Tisa at pisara<br>Meta-cards/strips<br>Larawan ng mga batang nananalangin | Tisa at pisara<br>Meta-cards/strips | Tisa at pisara<br>Meta-cards/strip<br>s | Tisa at pisara<br>Meta-cards/strips |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Panalangin**<br>**Awit**<br>**Pagbati**<br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Magandang araw! Kumusta kayong lahat?<br>**Balik-aral**<br>**Sabihin sa mga mag-aaral** | **Panalangin**<br>**Awit**<br>**Pagbati**<br>Sabihin sa mga mag-aaral: Magandang araw! Kumusta kayong lahat?<br>**Balik-Aral:**<br>Ano-ano ang mga natutuhan | **Panalangin**<br>**Awit**<br>**Pagbati**<br>Sabihin sa mga mag-aaral: Magandang araw! Kumusta kayong lahat?<br>**Balik-Aral:** | **Panalangin**<br>**Awit**<br>**Pagbati**<br>Sabihin sa mga mag-aaral: Magandang araw! Kumusta kayong lahat?<br>**Balik-Aral:** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ninyo sa ating aralin kahapon? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tayo ay magbabalik-aral sa naging paksa natin sa mga nakaraang aralin.<br>Aawit tayo ng Happy Birthday habang kayo ay nagpapasa ng bola sa inyong mga kaklase. Kung kanino natapat ang bola pagkatapos ng kanta, siya ay **kukuha** ng papel sa ating lagayan, **babasahin nang tahimik** ang nakasulat sa papel at **ipakikita o iaarte** ang mababasa sa kinuhang papel. **Huhulaan** naman ng mga kaklase kung anong emosyon/damdamin ang kanyang ipinakita.<br>Handa na ba kayo?<br>**Paalala sa Guro**: Ang nakasulat sa papel ay mga damdamin o emosyon na meron ang isang tao na naging paksa ng nakaraang araw. Maaari pang dagdagan. Maaari ding pumili ng iba pang awitin na pupukaw para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.<br>**Mga Mungkahing Emosyon**<br>1. malungkot<br>2. masaya<br>3. natatakot<br>4. nasasabik (excited)<br>5. nagagalit | Ano ang kahulugan ng panalangin?<br><br>Bakit mahalaga ang pansariling pananalangin?<br>Paano ka nananalangin? Ipaliwanag.<br><br>Mahusay kayong lahat sapagkat tama ang inyong mga sagot. Palakpakan ninyo ang inyong sarili.<br><br>**Pagganyak**<br><br>Itanong sa mga bata: May kilala ba kayong tao na laging nagdarasal?<br>Gusto ninyo ba siyang gayahin? Bakit? | Naalala ba ninyo kung ano-ano ang mga mabubuting dulot ng panalangin sa ating buhay?<br><br>**Pagganyak**<br><br>Kung ipagdarasal ninyo ang inyong sarili, ano ang sasabihin ninyo sa inyong panalangin? | Anu-ano ang mga bagay na maaari nating ipanalangin para sa ating kapwa at sa ating sarili?<br><br>**Pagganyak**<br><br>Sabihin kung **Tama** o **Mali** ang mga situwasyong nabanggit.<br><br>**1.** Maaari kong ipanalangin ang kahit sino. **Tama**<br>**2.** Ang pagdarasal ay mabuti sa kalusugan. **Tama**<br>**3.** Mabuti ang ipagdasal ang iba. **Tama**<br>**4.** Nakakatamad ang magdasal. **Mali**<br>**5.** Ako ay nagdarasal lamang kapag may gusto |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | akong hingin sa Diyos. **Mali** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Pagganyak**<br>Ilahad ang larawan *(Makikita sa Learning Activity Sheet-Gawain*<br><br><br><br><br>Itanong sa mga mag-aaral:<br>Ano ang ginagawa ng mga bata sa larawan? Isa-isahin. | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>1) Makakikilala ng kahalagahan ng **pansariling panalangin**.<br>**2)** Matutukoy na ang **pansariling panalangin** ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala sa Diyos na naipakikita ang pagiging madasalin**.** | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>1) Maiisa-isa ang kahalagahan ng **pansariling panalangin**.<br>2) Maiuugnay na ang **pansariling panalangin** ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala sa Diyos na naipakikita ang pagiging madasalin. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br><br>1) Maipahahayag ang **sariling panalangin** para sa ikabubuti ng **sarili** .<br>2) Maipaliliwanag na ang **pansariling panalangin** ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagkilala, sa Diyos na naipakikita ang pagiging madasalin. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br><br>1) Maipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng **sariling panalangin** para sa ikabubuti ng **sarili**.<br>2) Mapatutunayan na ang **pansariling panalangin** ay paraan ng pakikipag-ugnayan upang maipahayag ang pagmamahal sa Diyos |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa pagkakataong ito ay ating bibigyang kahulugan ang sumusunod na salita-<br><br>Ipaskil ang mga meta-cards. Ipabasa ang mga salita, pagkatapos naman ay ang kahulugan. Tumawag ng mga mag-aaral na babasa sa mga salita at habang naipaliliwanag ng guro \ang mga kahulugan. Maaaring magbigay ng mga halimbawa ayon sa mga karanasan ang mga mag-aaral.<br><br>**Panalangin** ay paraan ng pakikipag-usap sa Diyos, kay Allah o Dakilang Lumikha<br><br>**Pagkilala** ay pagbibigay parangal o pagtanggap<br><br>**Pag-asa** ay paniniwala ng pagkakaroon ng positibong bunga sa mga naisin o magaganap na pangyayari<br><br>**Matatag** ay matibay na hindi matitinag. Naninindigan sa kabila ng mga pagsubok<br><br>**Pasasalamat** ay pagbibigay papuri at kaluwalhatian, ito ay pag-uugali na nagpapasigla at nagpapadakila<br>Mahusay kayong lahat, palakpakan ninyo ang inyong | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>Sa pagkakataong ito ay ating bibigyang kahulugan ang sumusunod na salita-<br><br>Ipaskil ang mga meta-cards. Ipabasa ang mga salita, pagkatapos naman ay ang kahulugan. Tumawag ng mga mag-aaral na babasa sa mga salita at kahulugan.<br><br>**Gabay** ay nagbibigay patnubay, direksyon, suporta, o tulong upang maabot ang layunin<br><br>**Inspirasyon** ay nagbibigay sigla upang maging masigasig, at masikap<br><br>**Nagkamali** ay anumang hindi tumpak sa tuntuning sinusunod<br><br>**Kalungkutan** ay damdamin ng kawalan ng sigla dahil sa pagkabigo, kasawian, karamdaman at iba pa.<br><br>**Kapayapaan** ay ang kalagayan ng pagkakaroon ng katahimikan at katiwasayan, o walang gulo<br><br>Mahusay kayong lahat, palakpakan ninyo ang inyong sarili. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Sa pagkakataong ito ay bibigyang kahulugan natin ang sumusunod na salita-<br><br>Ipaskil ang mga meta-cards. Ipabasa ang mga salita, pagkatapos naman ay ang kahulugan. Tumawag ng mga mag-aaral na babasa sa mga salita at kahulugan.<br><br>**Patnubay** ay pagbibigay ng direksyon, suporta, kaalaman, o proteksyon para maisakatuparan ang gawain<br><br>**Kalusugan** ay mabuting kalagayan ng katawan at kaisipan<br><br>**Kapuwa** ay kasama o ibang tao bukod sa sarili<br><br>**Talino** ay katalasan ng isip sa pag-unawa ng anuman<br>**Pagpapahalaga** ay pagbibigay ng importansya sa sarili at sa kapuwa<br><br>Mahusay kayong lahat, palakpakan ninyo ang inyong sarili. | **Ilahad ang situwasyon sa mga mag-aaral:**<br><br>Si Pepito ay pitong taong gulang. Siya ay nananalangin para sa kanyang pamilya.<br>Ito ang laman ng panalangin ni Pepito.<br><br>Tatay – kalakasan sa katawan upang patuloy na maitaguyod ang sambahayan<br>Nanay – kalakasan ng katawan upang makalinga ang buong pamilya<br>Kuya – makagradweyt sa pag-aaral<br>Ate – makahanap ng trabaho<br>Sarili – laging makapag-aral at hindi lumiliban sa klase |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sarili. | | | |

| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **Suriin ang mga situwasyon:** *(Makikita sa Learning Activity Sheet – Gawain 2)*<br>1. Nag-aral nang mabuti si Liz para sa pagsusulit. Kaya naman, nakakuha siya ng mataas na marka. Masayang-masaya siya. Kaya ang nilalaman ng kaniyang panalangin ay ang taos pusong pagpapasalamat sa Diyos/ kay Allah o sa Dakilang Lumikha.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>● Tama ba ang ginawa ni Liz? Bakit?<br>● Ano ang kahalagahan ng pansariling panalangin? Ipaliwanag.<br>2. Nagkasakit ang kuya ni Ron. Malungkot siya, sapagkat hindi na nakapasok sa klase ang kaniyang kuya. Nananalangin si Ron na pagalingin ang kuya niya. Humiling si Ron ng tulong at pag-asa na gumaling ang kuya niya.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>● Tama ba ang ginawa ni Ron? Bakit?<br>● Ano ang kahalagahan ng | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Sa pagkakataong ito ay isa-isahin natin ang kahalagahan ng pananalangin-<br>**Una**, ang pananalangin ay nagbibigay ng gabay tungo sa tamang direksyon sa mga gawain at buhay.<br>**Ikalawa**, inspirasyon na nagbibigay ganyak upang maging masigasig, at masikap sa buhay<br>**Ikatlo**, nagbubunga ng kapayapaan upang maging matiwasay at maayos ang buhay<br><br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na isa-isahin ang mga karanasan ukol sa kahalagahan ng pananalangin. | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Ano-ano ang mga bagay na maaari mong ipanalangin para sa iyong sarili?<br>Maaaring gabay ang sumusunod:<br>1. Patnubay<br>2. Kalusugan<br>3. Talino<br><br>Maaari itong dagdagan.<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot. | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Pagkatapos nating malaman ang ipinanalangin ni Pepito ay kayo naman ang gagawa ng inyong sariling panalangin para sa inyong sarili at para na rin sa iba. Isulat ang inyong panalangin sa hiwalay na papel. *(Makikita sa Learning Activity Sheet- Gawain 1)*<br>**Palala sa guro:**<br>Malayang makapamili ang mga mag-aaral ng situwasyon na ayon sa kanilang nararanasan tungkol sa pananalangin<br>Gamiting gabay ang sumusunod:<br><br>**Sarili** – maging masipag sa pagtulong sa gawaing bahay<br>**Magulang o Tagapangalaga** – ingatan sa araw-araw |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pansariling panalangin? Ipaliwanag. | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Napakalakas ng ulan. Baha na sa buong paligid. Suspindido na ang klase. Nananalangin ka na maging maayos ang lahat.<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>● Tama ba ang gagawin mo? Bakit?<br>● Ano ang kahalagahan ng pansariling panalangin? Ipaliwanag. | | | **Kapatid o kamag- anak** – kagalingan sa karamdaman<br>**Kamag-aral** – katalinuhan sa pag-aaral<br>**Kaibigan** – makapasa sa pagsusulit |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad*<br>*ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan*<br>*sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Sa pagkakataong ito, ay buoin natin ang mga salita kaugnay ng ating tinatalakay. *(Makikita sa Learning Activity Sheet – Gawain 3)*<br><br>Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>1. P A N A _A N _I N<br>2. P _G – A ____A<br>3. P A_A S A L A_A T<br>4. P A_K I L A_A<br>5. M_T A_A G | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Sa pagkakataong ito, ay buoin natin ang mga salita kaugnay ng ating tinatalakay. *(Makikita sa Learning Activity Sheet – Gawain 1)*<br><br>Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>1. G A ___A ___<br>2. I N S P I ___A S Y O ___<br>3. K A _ U N _K U T AN<br>4. P A _ - K A K A _ A L I<br>5. K A _ A _ A P A A N | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Sa pagkakataong ito, ay buoin natin ang mga salita kaugnay ng ating tinatalakay. *(Makikita sa Learning Activity Sheet – Gawain 1)*<br><br>Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>1. P _ T N U _ A Y<br>2. K A L U _ U G _ N<br>3. K _ P U W_<br>4. T A _ I _ O<br>5. P A G _ A P A _ A L A G A | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Ano ang iyong panalangin para sa iyong<br>1. sarili<br>2. magulang /tagapangalaga<br>3. kapatid/ka mag- anak<br>4. kamag-aral<br>5. kaibigan<br><br>1. Ano ang damdamin mo habang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Susing sagot:<br>1. PANALANGIN<br>2. PAG-ASA<br>3. PASASALAMAT<br>4. PAGKILALA<br>5. MATATAG<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>1. Ano ang damdamin mo habang sumasagot sa ating gawain?<br>2. Bakit ka nananalangin? Ipaliwanag. | Susing sagot:<br>1. GABAY<br>2. INSPIRASYON<br>3. KALUNGKUTAN<br>4. PAGKAKAMALI<br>5. KAPAYAPAAN<br><br>Itanong sa mga mag-aaral.<br>1. Ano ang damdamin mo habang sumasagot sa ating gawain?<br>2. Ano-ano ang kahalagahan ng pananalangin? Ipaliwanag. | Susing sagot:<br>1. PATNUBAY<br>2. KALUSUGAN<br>3. KAPUWA<br>4. TALINO<br>5. PAGPAPAHALAGA<br>Itanong sa mga mag-aaral.<br><br>1. Ano ang damdamin mo habang sumasagot sa ating gawain?<br>2. Bakit mahalaga na ipanalangin ang kapuwa? Ipaliwanag. | sumasagot sa ating gawain?<br>2. Bakit mahalaga na ipanalangin ang kapuwa? Ipaliwanag.<br>3. Bakit mahalaga na ipanalangin ang sarili? Ipaliwanag. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Ngayon ay magkaroon tayo ng dyad na pag-uusap. Sagutin ang mga tanong at magbahaginan. (*Makikita sa Learning Activity Sheet – Gawain 4)*<br>1. Gaganapin ang unang markahang pagsusulit. Nais mong masagot ang mga tanong nang tama at matamo ang mataas na marka. Ano ang nilalaman ng iyong panalangin? | Pangkatin ang klase na may limang miyembro.<br><br>**Pangkatang Gawain**<br>Ipasagot sa bawat pangkat ang mga tanong**.**<br><br>1. Ano-ano ang kahalagahan ng pananalangin?<br><br>2. Isulat sa meta-cards ang naidudulot ng pananalangin batay sa inyong karanasan. | Pangkatin ang klase na may tatlong miyembro.<br><br>**Pangkatang Gawain**<br><br>Ipasagot sa bawat pangkat ang mga tanong.<br><br>1. Tanungin ang mga kasama sa grupo ng kung ano ang ibig nilang ipanalangin para sa bawat isa sa kanila at bakit nila napili iyon? | **Sabihin:**<br><br>Maaari ba na ibahagi ninyo sa klase ang inyong ginawang panalangin?<br><br>(Tumawag ng mag-aaral na magbabahagi ng kanyang panalangin) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Nadestino ang iyong tatay sa malayong lugar. Magtratrabaho siya sa ibang bansa. Dahil kailangan niya itong gawin upang may magamit ang iyong pamilya sa mga pangangailangan. Ano ang nilalaman ng iyong panalangin?<br>3. Lumiban ang iyong kamag-aral sa klase. Nagpunta ang kanyang ate at sinabi sa inyong guro na ang dahilan ng pagliban ay ang pagkakasakit. Nais mo siyang gumaling sa karamdaman. Ano ang nilalaman ng iyong panalangin? | Humanda na ibahagi ang sagot sa klase<br><br>(Maaaring bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan sa gawaing ito)<br><br>Pag-uulat ng bawat pangkat. | 2. Isulat sa meta-card ang kanilang panalangin para sa kanilang sarili. Humanda na ibahagi sa klase. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>1. Sa ating naging talakayan at gawain sa araw na ito. Ano ang inyong natutuhan?<br>2. Maaari ba kayong magbigay ng pansariling panalangin. (Tumawag ng mag-aaral na magbabahagi)<br>3. Mahalaga ba ang pansariling panalangin? Bakit? | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>1. Ano ang inyong natutuhan sa ating aralin sa araw na ito?<br>2. Paano mo maisasagawa ang pansariling panalangin?<br>3. Mahalaga ba na bilang mag- aaral sa ikalawang baitang ay may pansariling panalangin? Bakit? | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>1. Bakit ka nananalangin?<br>2. Paano mo naipahahayag ang sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili ? Ipaliwanag. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br>1) Paano mo maipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng sariling panalangin para sa ikabubuti ng sarili?<br>2) Paano mo maipapahayag ang pagmamahal sa Diyos? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Kung sa mga oras na ito mayroon kang gustong sabihin sa Diyos / Allah/ Dakilang Lumikha sa pamamagitan ng | **Ipaliwanag ang panuto sa mga mag-aaral:**<br>**Panuto:** Isulat ang letrang **T** kung tama ang pahayag ng mga pangungusap at **M** kung mali. | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Magsulat ng maikling panalangin para sa iyong sarili. *(Makikita sa Learning Activity Sheet- Gawain 2)* | **Sabihin sa mga mag-aaral:**<br><br>Magsulat ng maikling panalangin para sa iyong pamilya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | panalangin, ano iyon? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>Maaaring tumawag ng mag-aaral na magbabahagi ng kanyang saloobin sa klase | Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ang pananalangin ay paraan ng pakikipag-usap sa Diyos/Allah o Dakilang Lumikha.<br>2. Ang pananalangin ay nagbibigay ng gabay tungo sa **maling** direksyon sa mga gawain.<br>3. Nagbibigay ng inspirasyon ang pananalangin upang maging masikap sa buhay<br>4. Ang pananalangin ay nagdudulot ng kaguluhan sa buhay.<br>5. Nagbubunga ng kapayapaan ang pananalangin upang maging matiwasay at maayos ang buhay<br><br>Susing Sagot:<br>1. T<br>2. M<br>3. T<br>4. M<br>5. T | Maaaring tumawag ng bata na magbabahagi ng kanyang panalangin sa harap ng klase.<br><br>(Paalala sa guro, isaalang-alang ang ibat ibang uri ng relihiyon kinabibilangan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng maikling panalangin) | *(Makikita sa Learning Activity Sheet-Gawain 2*)<br><br>(Paalala sa guro, isaalang-alang ang ibat ibang uri ng relihiyon kinabibilangan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng maikling panalangin)<br><br>Maaaring tumawag ng bata na magbabahagi ng kanyang panalangin sa harap ng klase. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa*<br>*Remediation (kung nararapat)*<br>*(addtional activities)* | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br>Sagutin at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. *(Makikita sa Learning Activity Sheet-Gawain 5)*<br><br>Masayang-masaya ka dahil ikaw ay nakapasa sa pagsusulit na ibinigay ng inyong guro. Isulat | **Sabihin sa mga mag-aaral.**<br><br>Sagutin at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br><br>Natapos na ang isang buong araw at oras na naman ng pagtulog sa gabi. Bago matulog, ikaw ay nanalangin ng | **Sabihin sa mga mag-aaral:** *(Makikita sa Learning Activity Sheet- Gawain 3)*<br><br>Bukas ay ipagdiriwang ang araw ng iyong kapanganakan. Ano ang sasabihin mo sa iyong panalangin? Ibahagi ang iyong sagot sa klase. | **Sabihin sa mga mag-aaral:** *(Makikita sa Learning Activity Sheet- Gawain 3)*<br><br>May sakit ang isa sa miyembro ng iyong pamilya. Ibig mo siyang ipanalangin. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ang iyong maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos. | pasasalamat. Ano ang ipagpapasalamat mo sa Diyos? | | Ano ang sasabihin mo sa iyong panalangin? Ibahagi ang iyong sagot sa klase. |
| *Mga Tala (notes)* | *Mga Paalala:*<br>*1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito*<br>*2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin*<br>*3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap* | *Mga Paalala:*<br>*1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag- aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito*<br>*2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin*<br>*3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap* | *Mga Paalala:*<br>*1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito*<br>*2. Mahalagang malinang ang pagiging madasalin*<br>*3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap* | *Mga Paalala:*<br>*1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag- aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito*<br>*2. Mahalagan g malinang ang pagiging madasalin*<br>*3. Ang mga pagtatasa/pagtat aya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Repleksiyon* | **Bilang guro** ay:<br>Napag-alaman ko na<br>Napagtanto ko na ____________________<br>Naramdaman ko ____________________<br>Nagpasya ako na ____________________<br>____________________ | **Bilang guro** ay:<br>Napag-alaman ko na<br>Napagtanto ko na ____________________<br>Naramdaman ko ____________________<br>____________________<br>Nagpasya ako na<br>____________________ | **Bilang guro** ay:<br>Napag-alaman ko na<br>Napagtanto ko na ____________________<br>Naramdaman ko ____________________<br>Nagpasya ako na ____________________<br>____________________ | **Bilang guro** ay:<br>Napag-alaman ko na<br>____________________<br>Napagtanto ko na<br>____________________<br>Naramdaman ko<br>____________________<br>Nagpasya ako na<br>____________________ |